

A comics anthology by Rights of Nature PH.



RIGHTS
— OF —
NaturePH





Verde



Dakilang Melu

TALAAN NG NILALAMAN



"KAPIT BAHAY"

Si Verde at mga kaibigan ay mausisa sa kanilang mga bagong kapitbahay, ang Fossil Gas Plants.



"LUPANG TINUBUAN"

Malugod na tinanggap ni Melu ang mga bagong dating at binigyan niya ang mga ito ng mga regalong tanso at ginto; ngunit gusto nila ng higit pa.



"BAGYO"

Si Sierra ay payapa dahil alam niyang napagsabihan na niya si Bugsong Hangin na huwag sirain ang kapaligiran nila. Ang hindi niya alam ay may mas masamang bagyo na pala ang namumuo sa loob ng kanyang mismong tahanan.




"TAGU-TAGUAN"

Si Abu ay isang maliit ngunit abalang abukay. Araw-araw ay hinahanap niya ang kanyang mga kauri. Saan na napunta ang lahat ng mabalahibong kaibigan niya?

KAPIT BAHAY

Isang araw, sa dakong Batangas...



LUPANG TINUBUAN

Minsan, sa may Tampakan, South Cotabato...



Ikaw ang taya, Baboy Damo! Hahaha!

Ako na lang parati ang taya?!

Mabagal ka kasi! Hahaha!

Kaibigang Usa, ingat lamang po. Baka mahulog kayo sa bukas na hukay.

Hala! Salamat po, Dakilang Melu!

Ano po ba itong malaking butas na ito?

Gawa ito ng mga dayuhan, Baboy Damo.

Tampakan open-pit mining³ ang tawag nila dito.

Ang mga dayuhan ba katulad ng mga kaibigan nating B'laan⁴?

Bakit naging mala-buhangin na ang lupa?

PWEH! Bakit ganito na lasa nang tubig?! Ano ang ginawa mo sa tubig, Palaka?

Excuse me. Hindi ako yan. May nilagay 'yung dayuhan sa ilog ko. Mga tira-tirang mineral galing doon sa open-pit mining nila.

Tao sila tulad nang mga B'laan. Pero hindi natin sila kaibigan.

Humihingi ako nang paumanhin. Kasalanan ko ang lahat ng ito.

Bakit niyo naman po nasabi 'yun, Dakilang Melu?

Nagkamali ako, kaibigang Usa. Sa tuwa ko na may bumisita sa Lupang Tinubuan, niregaluhan ko ang mga dayuhan ng tanso at ginto.



Bakit naging pagkakamali po ito?

Hindi sila natuwa sa regalo kong kakaunti raw.

Gusto nila angkinin ang lahat ng yaman ng Lupang Tinubuan.

Ano naman itong malalaking bitak na lupa?!

Fault Line⁵ tawag diyan.

Aba, English 'yun ah. Konyo ka din ano, Palaka?

Sandali. Hindi ba delikado magbungkal malapit dito?

'Yun na nga eh, Baboy Damo. Hindi ito naisip ng mga dayuhan noong sinimulan nila itong open-pit mining.

O kung alam nila, binalewala nila ang impormasyon na ito.

Nalulungkot ako, kaibigang Usa...

Sa tanda kong ito, akala ko magiging matiwasay na ang buhay ko.

Sa sarili nating tirahan, binalewala tayo ng mga dayuhan. Niyrakan ang Lupang Tinubuan.

Dapat hindi na patakbuhan pa ang Tampakan open-pit mining na 'yan.

Nakasasama sa kalikasan ang ginagawa nila!

Naging mapagbigay ako. At ito ang sinukli sa akin. Tama na.

Ang boses ko ay mahalaga.

May karapatan din ako. Wala bang gagalang sa akin?

Ang proyektong **Tampakan open-pit mining** sa ngayon ay natigil sa pagbukas dahil sa pagpupursige ng mga kaibigang nakakaintindi nang kapahamakang maidudulot nito. Ngunit ang mga kumpanya na nais makinabang dito ay walang kapaguran sa paghahanap ng paraan para maituloy ang proyekto na ito.

BAGYO

Nanay, Tatay!
Gusto ko ng tinapay!
Gusto ko ng kapel!
Lahat ng gusto
ay susundin ni

Bugsong Hangin! Mag-ingat
ka naman sa paglalaro mo.
Nasisira ang kapaligiran sa
lakas nang hangin mo.

Di ka naman kasali sa laro,
Ate Sierra! HMPH!
Di kita bati! Alis na ako!

Ni hao⁶
Bugsong Hangin!

Ako si Wa Mera.
Ako negosyante.

Rinig ko galit
Sierra sayo, la?

Ayaw niya ako
maglaro sa
dalampasigan.
Madamot siya.

Gusto mo ganti?
Tulungan kita, la!
Ako bahala...

At sinimulan na nga ni Wa Mera
ang maitim niya'ng plano...

Ako ganti kay Sierra.
Gawa ko dam sa
Ilog Kaliwa niya.
Eto pera mo, la!

Pero Boss, di ba
protektadong parke ang
lugar na iyon?

Makaka-asa po kayo
sa tulong ko...

Naalala ko lupaing
ninuno din 'yun
nang ilang
katutubo doon.

Shhh... Eto na lang
parte ninyo dito.
Basta tumahimik
na lang kayo!

Ano ang
nangyayari?!

Ay may
ginagawang
malaking dam!

Bakit iya'y
dito sa atin
tinatayo?!

Ang aking Ilog Kaliwa!
Ang aking mga puno!

Ate Sierra! Di ko
alam na ganito pala
gagawin ni Wa Mera.
Patawad po!

Laki kita
ko dito, la!

Pinasan ko ang bugso
nang daan-daang
taong mga bagyo.

Delubyong dulo't
ng pera lang pala
ang katapat ko.

Umilag kayo!
Tumabi kayo!
Naku po!!!

Tulong! Tulong!
Nalulunod kami!

Dami kita
ko, la!

Hindi pa ba sapat na
pinagtanggol ko kayo?
Pagod na ako.

Ang boses ko ay mahalaga.
May karapatan din ako.

Wala bang magpo-protekta
sa akin?

Ang **Sierra Madre** ay kanlungan ng samu't saring buhay na may hindi bababa sa 126 na uri ng hayop; kabilang na ang nanganganib na *Philippine Eagle*⁷. Sa pagtayo nang *Kaliwa Dam*⁸ dito, halos 300 ektarya ng kagubatan ng Ilog Kaliwa ang permanenting palulubugin nito.

At sa paglubog nito, mawawalan ng natural na tirahan ang mga hayop, mga nanganganib at natatanging halaman, at malalagay din sa panganib ang mga katauhang nakatira sa ibaba ng pagtatayuan ng dam.

TAGU-TAGUAN

MAGANDANG UMAGA PILIPINAAAASS!!!!



Eto nanaman ang madaldal.

Abu, ang aga-aga! Patulugin mo naman ang mga puyat tulad ko.

Kasing ganda mo talaga ang umaga, Kalaw.

Buti alam mo, Abu.

Ikaw din, Paniki!

Bakit ko ba dito napipiling matulog?

Kalaw, nararamdaman ko na ngayon ang araw na makikita ko din sila!

Yung mga kapwa mong abukay?

Tama! Mananalo na din ako sa laro naming tagu-taguan! Kita na lang po tayo mamaya, Kalaw at Paniki!

Ingat ka, Abu!

Naniniwala talaga siya na nakikipag tagu-taguan lang mga kalahi niya?

Mabuti na ang may pag-asa, Paniki. Kaysa malungkot siya sa katotohanan.

Kapwa kong Abukay! Mga Katala! Nandito ba kayo?

Wala! Duon kaya sa kabila?

May tumatawag?

Hmgnrh! Hrmff!

Kapwa kong Abukay! Mga Katala! Nandito ba kayo?

Grabe na pala talaga ang dami ng minahan dito sa Homonhon.

Walang abukay magtatago dito.

Wala na ako'ng makain dito. Makalipat na nga nang tirahan.

Kumusta po? Kumusta po? Nakita niyo ba ang mga kapwa kong abukay?

EEEEK! Salamat na lang pooo!

Ikaw ang kumakain nang aking mga mais! **PESTE KA!**

Nanalo ka na ba ngayon?

Nakita mo na sila?

Hindi pa. Pero may bukas pa naman.

Kinabukasan...

MAGANDANG UMAGA PILIPINAAAASS!!!!

Eto nanaman tayo.

Bakit ko ba dito napipiling matulog?

Paubos na ang lahi namin. Ang boses ko ay mahalaga. May karapatan din ako. Wala bang sasagip sa amin?

Ang mga ibon na **Abukay**, kilala din sa pangalang Katala, Kalangay o Agay, ay nanganganib na mawala dahil sa pagsira nang kanila'ng tirahan at paghuli sa kanila para gawing alaga. Sinasabing may higit kumulang na 1,000 Abukay na lang ang natitira sa mundo.

KARAPATAN



Marami akong mga kaibigang naka-asa sa akin.

Ang boses ko ay mahalaga. May karapatan din ako.

Wala bang makikinig sa akin?

*Verde, anak, Nandito na ako.
Ako ang makikinig sa iyo.*

Naging mapagbigay ako. At eto ang sinukli sa akin. Tama na.

Ang boses ko ay mahalaga. May karapatan din ako. Wala bang gagalang sa akin?

*Dakilang Melu, nandito na ako
para ibalik ang dangal mo.*

Hindi pa ba sapat na pinagtanggol ko kayo? Pagod na ako.

Ang boses ko ay mahalaga. May karapatan din ako.

Wala bang magpo-protekta sa akin?

*Aking mandirigmang Sierra, nandito na ako.
Ako naman ang po-protekta sa'yo.*

**MAGANDANG
UMAGA
INANG
KALIKASAN**

*Gaganda pa lalo ang mga araw mo, Abu.
Nandito na ako para sagipin ang lahi mo.*

*Sa hukuman ng tao, lahat ay may karapatan.
At lahat ay may pagkakataong ito'y ipaglaban.*

*Sa aking karapatan, sa aking lupain,
Sa aking mga hayop kayo ay nabubuhay.*

*Ang boses ko ay mahalaga.
May karapatan din ako. Hindi niyo ako pag-aari.*

*Panahon na para isulong at manindigan
para sa aming karapatan.*

Kilalanin ang mga kaibigan natin sa comics anthology na ito:



Verde

Isang kathang isip na elementong kumakatawan sa Verde Island Passage.




Dakilang Melu

Siya ang Manlilikha ng mundo at tao para sa mga katutubong B'laan. Ginto ang kaniya'ng ngipin.



Bugsong Hangin

Hango sa alamat ng Sierra Madre, isa siya'ng elemento ng malakas na hangin.



Sierra

Hango sa alamat ng Sierra Madre, si Sierra ang mandirigmang lumalaban sa mga mapanira sa kapaligiran.



Inang Kalikasan

Hango sa mito, isa siya'ng malakas na diwata na siya'ng nagbibigay ng lahat ng ating ikinabubuhay.



Mindanao Horned Frog

Isang katutubong uri ng palaka na pawala na. Matatagpuan lamang sa Mindanao.



Pawikan

Isang uri ng malaking pagong o galapagong; may mga palikpik imbis na paa. Karaniwang nabubuhay sa dagat.



Philippine Brown Deer

Isang katutubong uri ng usa na malapit ng manganib o mapabilang sa pawala nang katutubong hayop.




Philippine Warty Pig (Baboy Damo)

Isa sa apat na katutubong uri ng baboy. Ito ay mailap at mabangis.



Tuna

Isa sa mga karaniwang isda na nakikita sa Verde Island Passage.



Whale Shark (Butanding)

Pinakamalaking isda sa buong mundo at karaniwang matatanaw sa Verde Island Passage.



Visayan Horned Bill (Kalaw)

Isang katutubong uri ng ibon na nanganganib o pawala na. Matatagpuan lamang ito sa Pilipinas.




Giant Golden-crowned Flying Fox

Isang katutubong uri ng fruit bat at kasama sa listahan ng pinakamalaking paniki sa mundo.



Red-vented Cockatoo (Abukay)

Isang katutubong uri ng loro na nanganganib o pawala na. Matatagpuan lamang ito sa Pilipinas.



Sierra



Abu

TALATINIGAN:

- Fossil Gas Plant** - ay isang thermal power station na nagsusunog ng fossil fuel, gaya ng coal o natural gas, upang makagawa ng kuryente.
- Eco-Tourism** - Ang responsableng paglalakbay sa mga natural na lugar na nangangalaga sa kapaligiran, nagpapanatili ng kagalingan ng mga lokal na tao, at nagsasangkot ng interpretasyon at edukasyon.
- Tampakan Open Pit Mining**- kontrobersyal na minahan para sa tanso at ginto sa Tampakan, South Cotabato.
- B'laan** - Mga katutubo mula sa kabundukan ng Mindanao. Kilala sila sa kanila'ng sining na yari sa tanso at ginto.
- Fault Line** - Ang **fault line** ay isang malaking bitak sa lupang ibabaw ng mundo. Ito din ay isang heograpikal na lokasyon kung saan ay nagmumula ang mga lindol, dahil sa paggalaw ng mga batong nasa ilalim ng mundo (crust).
- Ni hao** - Salitang Intsik ng "Hello".
- Philippine Eagle** - Pambansang ibon. Isang katutubong uri ng agila at kasama sa listahan ng pinakamalaking agila sa mundo.
- Kaliwa Dam**- kontrobersyal na prinsa na tinayo sa ilog ng Kaliwa sa bayan ng Rizal.



RIGHTS — OF — NaturePH

“Rights of Nature” is a concept, at the heart of which lies key is addressing our dysfunctional economic system and the legal, social and political and modern cultural frameworks that are destroying people and planet.

Learn more thru our facebook site:
[**www.facebook.com/rightsofnatureph**](https://www.facebook.com/rightsofnatureph)

OUR PARTNERS:

